# Mga Karapatan sa Pagkapribado ng Kliyente ng HMIS

| Safe Harbors | & | **[Pangalan ng Ahensiya]**<br>(Kasanggang Ahensiya ng HMIS) | [Logo ng Ahensiya] |
|---|---|---|---|

| | |
|---|---|
| **TUNGKOL SA IYONG IMPORMASYON:**<br><br>**MGA PAGGAMIT**<br><br>**MGA PANGANIB**<br><br>**MGA PROTEKSIYON** | • Ang impormasyon na ibinibigay mo sa ahensiyang ito ay ipinapasok sa sistema ng kompiyuter ng HMIS, maliban kung sabihin mo sa kanila na ayaw mong ipasok ito.<br>• Tatanggap ka ng mga katulad ng sebisyo, ipinahintulot mo man o hindi na ipasok sa HMIS ang iyong personal na impormasyon.<br>• Ang iyong personal na impormasyon na nasa HMIS ay hindi ibabahagi sa ibang mga tao o organisasyon maliban kung sinabi mo na ito ay maaaring ibahagi.<br>• Ang iyong personal na impormasyon na nasa HMIS ay hindi ibabahagi sa anumang mga ahensiya ng pamahalaan maliban kung iniaatas ng batas.<br>• Ang impormasyong nagpapakilala ng tao, tulad ng mga pangalan, araw ng kapanganakan at mga numero ng seguridad sosyal (social security number), ay pananatilihin sa Tipunan ng mga Datos ng HMIS ng hanggang pitong taon.<br>• Bagaman ang maiingat na hakbang ay ginagawa upang protektahan ang personal na impormasyon na ipinasok sa HMIS, maaaring makuha ng isang tao ang iyong impormasyon at magamit ang impormasyon upang matagpuan ka, gumawa ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan o malaman ang tungkol sa mga sensitibong personal na impormasyon na ipinasok sa HMIS.<br>• Ang iyong mga datos ay protektado ng mga legal na kasunduan na pinirmahan ng mga gumagamit ng HMIS at ng elektronikong pagtatago sa ibang anyo (encryption) ng iyong personal na impormasyon.<br>• Ang mga impormasyong nasa HMIS ay ginagamit upang pabutihin ang mga serbisyo sa mga kliyenteng tulad mo.<br>• Matatawagan mo ang Safe Harbors sa numerong nasa ibaba kung:<br>➢ May mga katanungan ka tungkol sa impormasyong tinipon sa HMIS at sa iyong mga karapatan na may kaugnayan sa impormasyong iyon.<br>➢ May pinsala sa iyo na may kaugnayan sa pagtitipon ng impormasyon sa HMIS |
| **ANG IYONG MGA KARAPATAN AT MGA MAPIPILI** | • May karapatan kang tumangging magkaloob ng personal na impormasyon, o upang patigilin ang ahensiyang ito na ipasok ang iyong personal na impormasyon sa sistema ng kompiyuter ng HMIS.<br>• May karapatan kang magpasiya kung anong personal na impormasyon ang maaaring ibahagi tungkol sa iyo sa HMIS, at kanino ito maaaring ibahagi.<br>• May karapatan kang magbago ng isip tungkol sa kung anong personal na impormasyon tungkol sa iyo ang mailalagay ng ahensiyang ito sa HMIS, anu-anong mga uri ng impormasyon tungkol sa iyo ang maaari nilang ibahagi, at sino ang maaari nilang bahaginan nito. Dapat mong bigyan ng nakasulat na paunawa ang ahensiyang ito kung magbago ang iyong isip. |

| | | |
|---|---|---|
| **IMPORMASYON TUNGKOL SA MATATAWAGAN** | **Safe Harbors, Tagapangasiwa ng HMIS**<br>Lunsod ng Seattle<br>Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao ng Seattle<br>(Seattle Human Services Department)<br>(206) 233-7081<br>www.safeharbors.org | **[Pangalan ng Ahensiya]**<br>[Direksiyon ng Ahensiya]<br>[Telepono ng Ahensiya]<br>[Email ng Ahensiya]<br>[Website ng Ahensiya] |